Ang Halimbawang Balota na matatagpuan sa patnubay na ito ay isang facsimile na balota ng Optical Scan na papel hindi ng Elektronikong balota.

Mga Tagubilin sa Pagboto sa Elektronikong Kagamitan sa Pagmarka ng Balota

Isaaktibo ang makina sa pagboto sa pamamagitan ng pagpasok ng Kard ng Botante sa dilaw na butas sa ibaba ng makina sa pagboto.

Piliin ang wikang gusto mong gamitin sa pagboto.

Gawin ang iyong pagpili sa pamamagitan ng pagkalabit sa pangalan ng kandidato o sagot sa panukala na pinili mo. Ang isang itim na tsek ay lilitaw sa kuwadradong nasa tabi ng pinili.

Upang palitan ang iyong pinili, muling kalabitin ang pinili. Ang tsek ay maglalaho at maaari kang gumawa ng bagong pagpili.



Upang bumoto para sa isang kuwalipikadong **isinusulat lamang** na kandidato na iyong pinili, kalabitin ang salitang **"ISINUSULAT LAMANG"**. Kapag lumitaw ang screen ng keyboard, kalabitin ang mga letra ng pangalan ng kandidato, saka kalabitin ang buton na **"TANGGAPIN"** sa ibabang kanang-kamay na sulok ng iyong screen upang magpatuloy.

Upang palitan ang laki ng teksto, kalabitin ang buton na **"Laki ng Teksto"** at piliin ang **"Karaniwan"** o **"Malaki"**.



Maaari mo ring palitan ang wika anumang oras sa sesyon ng pagboto sa pamamagitan ng pagpili sa buton na **"Wika"**. Bukod dito, maaari mong palitan ang anyo ng balota sa screen sa pamamagitan ng pagpili sa buton na **"Tignan"**.

Upang suriin ang iyong mga pinili anumang oras bago ang pagpapatala ng iyong balota, kalabitin ang **"Suriin"** sa ibabang kaliwa ng screen. Ang screen na **Suriin** ay magbibigay sa iyo ng buod ng iyong mga pinili. Kung hindi ka pa nakapili ng pinakamaraming ipinahihintulot na pagpili sa isang labanan, ang isang babala ay lilitaw upang ipagbigay-alam sa iyo na ang labanan ay blangko o hindi sapat ang ibinoto. Kalabitin ang labanan upang bumalik doon.

Kung nasisiyahan ka na sa iyong mga pinili, kalabitin ang **"Iprinta ang balota"** sa ibabang kanan ng screen upang ipabatid ang kumpirmasyon ng pagprinta.



Ang isang pinal na kumpirmasyon ay lilitaw na magtatanong sa iyo kung gusto mong **Iprinta ang iyong balota** o **Suriin ang iyong mga pagpipilian**. Kung gusto mong **gumawa ng pagbabago sa iyong mga pinili** kalabitin ang **"Suriin ang iyong mga pagpipilian"**. Kung gusto mong **iprinta ang iyong balota**, kalabitin ang **"Iprinta ang iyong balota"** at ipiprinta ng kagamitan sa pagmarka ng balota ang iyong balota na may mga pinili mo.

TANDAAN: Hindi ka maaaring magbago ng isip pagkatapos ipatala ang balota.

Ang sesyon ng pagboto ay magiging kumpleto na. Ang **Kard ng Botante** ay hindi na magiging aktibo, mangyaring ibalik ito sa Opisyal ng Halalan. Kung may mga tanong ka, mangyaring humingi ng tulong sa iyong Opisyal ng Halalan, o sumangguni sa mga tagubilin na nasa panel sa tagiliran.